


Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Pakikiisa sa Pagdarasal para sa
Kabutihan ng Lahat**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakikiisa sa Pagdarasal para sa Kabutihan ng
Lahat**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Juliet Lugas Lim	
Editor:	David C. Alcober	
Tagasuri:	Josefina E. Tanciongco	Renante Delima
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera Jingerlou D. Inot	Lemuel Valle Jr.
Tagalapat:	Gualberto Gualberto Jr.	
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico Joy B. Bihag Amenia C. Aspa Mark Chester Anthony G. Tamayo Gretel Laura M. Cadiong Juliet L. Lim	Rosemarie M. Guino Ryan R. Tiu Mariza S. Magan Ranulfo L. Baay

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Pakikiisa sa Pagdarasal para sa
Kabutihan ng Lahat**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ngayong panahon ng pandemya, nararanasan ng mga tao ang mga kakaibang pagsubok na kinakailangan niyang malampasan. Sa pagharap sa mga pagsubok na ito, ang pagdarasal na itinuturing na isa sa mga tao para mabawasan ang nadaramang kahirapan. Ang pagkakaisa at sama-samang pagdarasal ay isa sa mga magagandang kaugaliang Pilipino na ginagawa upang makaiwas sa kahit na anong sakuna o pandemyang kinakaharap tulad ng COVID-19.

Ang sumusunod na mga layunin ay tatalakayin sa modyul na ito:

Nakapagpapakita nang tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa at sa kinabibilangang pamayanan

- pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng lahat
- pagkalinga at pagtulong sa kapwa



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang **WASTO** kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pakikiisa sa pagdarasal at **DI-WASTO** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Sumasali sa pagdarasal ng pamilya.
- _____ 2. Natutulog sa loob ng simbahan sa tuwing dumadalo sa gawaing pagsamba.
- _____ 3. Ipinapanalangin ang kalusugan ng ibang tao.
- _____ 4. Palaging sinasama sa pagdarasal ang mga pinuno ng komunidad.
- _____ 5. Hindi pakikialam sa anomang nangyayari sa loob ng tahanan.
- _____ 6. Ipinapaalam sa iba ang ginawang pagdarasal para sa ibang tao.
- _____ 7. Ipinagdarasal ang mga miyembro ng pamilya lamang.
- _____ 8. Sinasanay ang sarili na magdasal araw-araw.
- _____ 9. Iginagalang ang pamamaraan ng kaibigan na may kaiba ng relihiyon.

_____ 10. Hindi binibigyang halaga ang pagdarasal para sa ibang tao.



Balikan

Panuto: Lagyan ng **tsek (✓)** ang larawang nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at **ekis (x)** naman kung hindi. Ipaliwanag ang bawat sagot.

_____ 1. 

_____ 2. 

_____ 3. 

_____ 4. 

_____ 5. 



Tuklasin

Panuto: Basahin at intindihin nang mabuti ang tula at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Ang Aking Panalangin

Orihinal na sulat ni: Juliet Lugas Lim, 2021

Panalangin ko sa Diyos buhay mo ay pagpalain,
Sa araw-araw ikaw ay Kanyang gabayan,
At maging matibay sa bawat laban ng buhay,
Walang humpay na tagumpay ang aking alay.

Ang pandemyang Covid-19 ay sadyang takot ang dala sa atin,
Lahat ng hindi maganda ay naiisip na sadya,
Ngunit aking inaalala ang Diyos na mapagpala,
Kahit tayo'y nawawalan ng pag-asa lagi Siyang handa.

Sa oras na sa akala natin na tayo ay kinalimutan na,
Biglang kong naiisip ang Diyos ay mapagpala at mapagmahal pala,
Ang tangi Niyang hiling ay ang aking panalangin,
Kasama ka sa aking munting hiling.

Sa aking murang isip wala akong kayang gawin,
Na makakatulong kundi ang aking panalangin,
Na sa bawat hambalos ng buhay sa atin,
Kalakasan Niya ang ating sandigan.

Sagutin ang mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang mensahe ng tula?
2. Batay sa tula, ano ang naging epekto sa atin ng pandemya?
3. Mahalaga ba ang panalangin? Bakit?
4. Ano ang maganda dulot ng pagdarasal para sa sarili, pamilya at kapwa?
5. Sa tuwing ikaw ay nagdarasal, ano ang mga ipinagdarasal mo?



Suriin

Basahin ang sanaysay.

Isa sa kulturang Pilipino ang pagiging madasalin. Kahit na may pagkakaiba-iba tayo sa relihiyon, bukod tangi ang pagiging malapit sa Diyos. Ang kaugaliang ito ay nagpapatibay sa atin sa bawat laban ng buhay. Mas nagiging matatag ang pananalig na may Diyos na nagbabantay sa lahat ng mga nangyayari.

Mahalaga ang pagdarasal sapagkat ipinakikita nito ang taimtim na pananampalataya sa Diyos. Ito rin ay nagbibigay ng pag-asa at nakapagpapagaan ng damdamin ng sinomang nananalig at nagdarasal.

Ang Diyos ay maawain at mapagmahal kaya hindi nito pababayaan ang kanyang mga anak na masaktan o maghirap. Kaya, sinumang lumalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pagdarasal ay Kanyang pinakikinggan. Ilan sa kadalasan nating ipinagdarasal ay ang kabutihan ng lahat. Kabilang din sa ating mga panalangin ay ang kaligtasan laban sa anomang insidente o pangyayari, katiwasayan ng ating kumunidad at proteksiyon laban sa sakit tulad ng COVID-19.

Dahil sa paniniwalang lahat tayo ay nilalang ng Diyos, marapat lamang na tayo ay magmahalan bilang iisang pamilya. Isang pamilya na nagmamalasakit sa kapamilya, nagmamahal sa kapwa, at nagbibigay ng pag-asa sa pagharap sa mga suliranin sa buhay ng isa't isa. Walang taong nabubuhay para sa sarili lamang. Ang bawat isa ay nabubuhay para sa kanyang kapwa. Kaya't maituturing na isa sa mga nagungunang dahilan kung bakit tayo nabubuhay ay para maglingkod sa Diyos at kapwa tao. At ang pinaka simpling bagay na ating magagawa para sa ating kapwa ay ang ipanalangin sila nang buong puso at paniniwala na ang Diyos ay ang may gabay sa lahat.



Pagyamanin

Panuto: Kulayan ang bilog ng **pula** kung ang ipinapakita ay pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng lahat at **dilaw** kung hindi. Ilagay ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

- ☐ 1. Nagpunta si Angelo sa bahay ng kaibigan na may sakit. Pagkatapos nilang magkwentuhan ay nanalangin sila para sa kagalingan ng kaniyang kaibigan.
- ☐ 2. Dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, nagpunta sa simbahan si Mario at ipinagdasal ang kaniyang sariling kaligtasan lamang.
- ☐ 3. Sa bawat paghahanda ng pagkain ni Inay Caridad ay nagpapasalamat siya sa lahat ng biyayang natatamasa. Pinapanalangin din niya ang kanilang kabitbahay na walang trabaho dahil sa pandemyang COVID-19.
- ☐ 4. Tuwing gabi, tinatawag ni Nanay Jessica ang kanyang anak na si Gretel para sumali sa kanilang oras ng panalangin. Habang nananalangin, ang tanging sinasambit ni Gretel ay mga bagay na kaniyang gustong bilhin.
- ☐ 5. Mahilig magsulat si Raquel ng kaniyang gustong ipagdasal sa Diyos. Isa sa kaniyang panalangin ang kasaganahan ng bawat taong nakaranas ng kahirapan dahil sa mga bagyong dumating sa bansa.



Isaisip

Maliban sa mga nabanggit na sitwasyon, sa iyong murang edad ano ang iyong dalangin para sa iyong kapwa tao? Magtala ng limang bagay na nais mong ipagdasal para sa iyong kapwa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- a. _____
- b. _____
- c. _____
- d. _____
- e. _____



Isagawa

Panuto: Tingnang mabuti ang bawat larawan at sumulat ng munting dasal. Isulat ang iyong dasal sa iyong sagutang papel.

1.



Ang aking panalangin para sa aking kaibigan na si Lolit:

_____ Amen.

2.



Ang aking panalangin para ky Nanay at Ate:

_____ Amen.

3.



Ang aking Panalangin para sa aming Barangay:

_____ Amen.



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sa iyong edad alin sa sumusunod ang maaari mong magandang magawa sa kapwa?
 - A. Isali sa mga dalangin para sa kanilang kabutihan.
 - B. Laging pag uusapan ang kanilang kahinaan.
 - C. Pagpapatayo ng *charity* sa iyong murang edad.
 - D. Bigyan sila ng pagkain araw-araw.
2. Si Rizza ay isang *nurse* sa Tacloban City Division. Siya ang naatasan para sa *Contact Tracing*. Ano ang ating ipapanalangin pasa sa kanya?
 - A. Magkaroon siya ng maraming kaibigan na nagka covid.
 - B. Bigyan siya ng malusog na pangangatawan at ilayo siya sa kapahamakan.
 - C. Makabili siya ng mga bagay na kanyang minimithi.
 - D. Wala sa nabanggit
3. Ang iyong ama ay isang *frontliner*. Ano ang iyong sasambiting panalangin para sa kanya?
 - A. Ilayo siya sa sakit.
 - B. Bigyan siya ng maraming salapi.
 - C. Bigyan siya ng bagong damit at mga materyal na bagay.
 - D. Magkaroon siya ng bagong bahay at magandang sasakyan.
4. Si Ronnel ay isang Muslim at ang kaniyang kaibigan na si Noel ay isang Kristiyano. Kahit magkaiba man sila ng paniniwala ay matalik pa rin silang magkaibigan. Ano kaya ang kanilang panalangin para sa isa't isa?
 - A. Maging matibay pa ang kanilang pagkakaibigan.
 - B. Magkaroon sila ng mga laruang gustong gusto nila
 - C. Mag-away sila dahil magkaiba ang kanilang relihiyon.
 - D. Maging mayaman sila pareho.
5. Ano ang iyong mararamdaman sa tuwing pinapanalangin mo ang iyong kapwa?
 - A. malulungkot
 - B. masaya
 - C. manghihinayang
 - D. Maiinis

6. Ang iyong kaibigan ay may sakit. Ano ang iyong gagawin para makatulong sa kanya?
- A. Bigyan siya ng mamahaling gamit.
 - B. Aayain siyang makipaglaro sa palaruan.
 - C. Pababayaang na lamang siyang gumaling mag-isa.
 - D. Palagi siyang isasali sa aking mga panalangin para sa kanyang kagalingan.
7. Malaki ang naitulong sa iyo ng iyong mga kaibigan ng magkasakit ang iyong ama. Hindi mo inaasahan na nagkaisa silang tulungan ang iyong ina sa lahat ng gastusin sa ospital? Bilang ganti ano ang iyong gagawin?
- A. Kalimutan ang mga kaibigan.
 - B. Magtsismis tungkol sa kanilang nagawa sa iyo.
 - C. Magpasalamat ng buong puso at ipanalangin ang kanilang kabutihang ginawa.
 - D. Wala ka lang gagawin dahil hindi ka naman humingi ng tulong at sila ang kusang tumulong.
8. May lumapit sa iyo na isang matandang pulubi at humihingi siya ng pera pero wala kang maibigay. Ano ang iyong gagawin?
- A. Sisigawaan ang matanda.
 - B. Hindi kikibuin ang matanda.
 - C. Tatakbo at lalayo sa matanda.
 - D. Sasabihin na wala kang pera at magsambit ng panalangin.
9. Naulila ang iyong kaibigan. Ano ang nararapat mong gawin?
- A. Walang nararapat gawin sa ganitong pagkakataon.
 - B. Ipamukha sakanya na nawalan siya ng magulang.
 - C. Hindi dadalaw at hayaan na lang siyang magluksa mag-isa.
 - D. Mag-aalay ng dasal para sa buong pamilya at makikidalamhati.
10. Sa paglipas ng ilang buwan mula ng magkaroon ng pandemyang *COVID- 19*, naramdaman mong mas naging mahirap para sa iyong pamilya ang sitwasyon. Bilang isang mag-aaral sa ikalimang baitang, alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin para makatulong ka sa iyong pamilya?
- A. Maglalaro ng iba't ibang applications sa cellphone.
 - B. Matutulog lang at walang gagawin sa bahay dahil bata ka pa.
 - C. Manonood buong araw ng iba't ibang videos sa TikTok at *YouTube*.
 - D. Palaging magdarasal para malampasan ng iyong pamilya ang inyong nararanasang kahirapan.

[illegible]

CO_Q4_EsP 5_ Modyul 2



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. wasto
2. di-wasto
3. wasto
4. wasto
5. di-wasto
6. di-wasto
7. di-wasto
8. wasto
9. wasto
10. di-wasto

Balikan

1. X
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✓

Tuklasin

- A. (maaring magkakaiiba ang sagot)
 1. Ang panalangin sa diyos (maaring magkakaiiba ang sagot)
 2. Juliet Lugas Lim
 3. Covid 19
 4. (maaring magkakaiiba ang sagot)
- B. (maaring magkakaiiba ang sagot)

Suriin

1. Pagiging madasalin
2. Pag-alay ng panalangin
3. (maaring magkakaiiba ang sagot)
4. (maaring magkakaiiba ang sagot)
5. (maaring magkakaiiba ang sagot)

Pagymamanin:

1. Pula
2. Dilaw
3. Pula
4. Dilaw
5. Pula

Isaisip: *Maaring magkaiiba ang sagot*

Isagawa

1. a
2. d
3. d

Tayahin

1. A
2. B
3. A
4. A
5. B
6. D
7. C
8. D
9. D
10. D

Sanggunian

K to 12 Curriculum Guide 2016 in Edukasyon sa Pagpapakatao Grade 5.
<https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/ESP-CG.pdf>.
(n.d.). p.79

Region Item Bank for Grade 5

Tacloban City Division Contextualized Lesson Plan

Ylarde, Zenaida R. (2016). Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon, Quezon City,
Vibal Group, Inc. 2016

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education – Bureau of Learning Resource
Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax. Nos.: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph